# DELFIN H. MUNDALA JR.

Kasalukuyang nagtuturo ng Filipino at Panitikan sa Mindanao State University - Iligan Institute of Technology. Nakatira sa Lungsod ng Iligan at dito humuhugot ng mga paksang isinusulat. Miyembro ng Bathalad Mindanao (Bathalan-ong Halad sa Dagang) 2016 at LUDABI (Lubas sa Dagang Bisaya) 2017. Naging Fellow sa 24th Iligan National Writers Workshop 2017 sa kasagsagan ng ng Martial Law sa Mindanao at giyera sa Marawi. Sumusulat din ng tula (Cebuano/Filipino), maikling kuwento (Cebuano/ Filipino), dagli (Cebuano/Filipino), at dula tungkol sa nangyayari sa Mindanao partikular sa Iligan. Nakapag-aral ng doktorado sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas noong 2016 - 2019.

# AGULO SA USA KA SANTILMO

Siguro
Dili pa andam
ang mga bata
sa ilang nakita
ang kadasigon sa kabatan-onan
hinuon, taman ra sa pulong
pero kun naa sa atubangan magsiga ra ang mata.
Lisod maka-istorya
kun naay tabon ang baba
gipreso sa pisi
ang kusog sa paglaum
nahimong agulo ang siyagit
dili maalsa ang kumo
sa pag-abot sa kagabhion
init sa mga bitoon
mitidlom sa dagat ilalom.
walay pulong
walay kusog
walay siyagit
nagkalayo nga kasuko ra intawon
ang gitigom sa kasingkasing
dili mapukan ang kalayo
bisan sa kalibutan sa dagat
padayon kami nga magtago
sa takuban sa kinaiyahan

kami ang matinud-anong tawo
nakasabot nga panghitabong tinuod
sa tiaw-tiaw sa kalibutan
ang kainit sa pakigbatok ni Miguel ug Camelo
apan
may lugar ang kaisog
dili pa siguro karon.

# PANAGHOY NG ISANG SANTILMO

Siguro'y
hindi pa handa
ang mga bata
sa kanilang nakita
ang kapusukan ng kabataan
bagkus, hanggang salita na lang
kapag nasa harapan na'y matutulala.
Mahirap magsalita
kapag may takip ang bunganga
kinukulong ng tali
ang lakas ng pag-asa
nagiging ungol ang sigaw
hindi maitaas ang kamao
nang gabing lumusong
ang maiinit na mga tala
sa pinakapusod ng dagat.
walang salita
walang lakas
walang sigaw
tanging nag-aapoy na galit
ang namumuo sa puso
hindi mapupuksa ang apoy
kahit sa mundo ng dagat
patuloy kaming magtatago
sa kalikasan ng pagbabalatkayo

kami ang totoong tao
na umuunawa sa totoong pangyayari
sa mapagbirong mundo
matapang sina Miguel at Camelo
ngunit may lugar ang katapangan
siguro ay hindi pa ngayon.